

PAMPUBLIKONG IMPORMASYON UKOL SA KOMERSYAL NA PAGTATANIM

PANUKALA PARA SA KOMERSYAL NA PAGTATANIM NG Event MIR162 Mais

1. Pangalan ng Aplikante:
Syngenta Philippines, Inc.
2. Address ng Aplikante
**12/F Two World Square, #22 Upper McKinley Road
McKinley Town Center, Fort Bonifacio, Taguig City 1630 Philippines**
3. Numero ng Telepono/ Facsimile Number, E-Mail Address ng Aplikante
**Telephone: +63 (2) 3702100; Fax: +63 (2) 8569260
E-mail: ba_cau.duong@yngenta.com**
4. Pangalan ng Kaukulang Opisyal/Awtorisadong Kinatawan
**Duong Ba Cau, President and Commercial Unit Head, PH
Felipe S. dela Cruz, Jr., Seeds Regulatory Affairs Territory Lead, ASEAN**

5. Deskripsyon ng Regulated Article ukol sa Komersyal na Pagtatanim

Ang Event MIR162 mais ay genetically modified at nabuo sa pamamagitan ng *Agrobacterium tumefaciens*-mediated transformation. Ito ay nagtataglay ng dalawang kakaibang genes. Ang una ay ang *vip3Aa20* gene na nagmula sa *Bacillus thuringiensis*. Ito ay na nagbibigay ng insecticidal protein, Vip3Aa20. Ang pangalawang gene, *pmi*, ay kasama bilang selectable marker na nagbibigay ng enzyme na phosphomannose isomerase na galing sa *Escherichia coli*.

Ang MIR162 mais ay nagbibigay ng mataas na antas ng tibay laban sa common cutworm (*Spodoptera litura*), at katamtamang lakas laban sa corn semi-looper (*Chrysodeixis eriosoma*) at sa pagkasira ng dahon sanhi ng corn earworm (*Helicoverpa armigera*). Ang Event MIR162 ay nagbibigay ng proteksyon laban sa mga nabanggit na insekto sa mga lugar na may malawakang taniman ng mais.

6. Kung aangat, bansa (mga bansang) Pangagalingan ng Regulated Article

Brazil at Argentina

7. Maikling Buod ng mga Potensyal na Epekto sa Kalusugan ng Tao at ng Kapaligiran

Ayon sa kumposisyonal/nutrisiyunal na pag-aanalisa, at pag-aaral sa allergenicity at toxicity na ginawa upang masusing malaman ang pagiging ligtas, at ang mga datos at impormasyon galing sa syentipikong literatura, ang MIR162 ay kasingligtas ng kumbensiyunal na mais. Ito ay kapareho ng katapat na kumbensiyunal na mais, maliban sa taglay nitong resistensya laban sa mga Lepidopteran na insekto.

Ang mga resulta ng multi-location field trials na ginawa sa dalawang panahon sa malalaking taniman ng mais sa Pilipinas ay nagpakita na ang MIR162 mais ay nagbigay ng tibay o proteksyon laban sa common cutworm, at katamtamang tibay laban sa corn semi-looper at sa pagkasira ng dahon ng corn earworm. Ito

din ay nagbigay ng mataas na ani kumpara sa kumbensyunal na mais. Ang field trial ay nagpakita din na ang MIR162 mais ay walang tibay laban sa true army worm at Asiatic corn borer. Ito rin ay hindi nagbigay proteksyon laban sa mga mahahalagang sakit ng mais tulad ng *Curvularia* leaf spot, Southern corn leaf blight, rust at sooty molds. Dagdag pa dito, ang pagkuha ng NTO (non-target organisms) sa MIR162 at kumbensyunal na plots, ay nagresulta sa magkaparehong diversity at numero ng insektong nakolekta. Ito ay nagpakita na ang Event MIR162 mais ay tiyak lamang sa insektong Lepidoptera at hindi makakasama sa non-target organisms.

8. Maikling Buod ng mga Potensyal na Benepisyo

Ang MIR162 mais ay may tibay upang malabananan ang pinsala dulot ng ilang Lepidopteran insects, katulad ng common cutworm, at katamtamang tibay laban sa semi-looper at corn earworm, at makapagbigay ng mataas na ani. Sa paggamit ng teknolohiya na ito, mababawasan ang paggamit ng pestisidyo, kaya bababa ang gastusin sa pangangalaga ng mais at mababawasan din ang kontak ng mga magsasaka sa pestisidyo. Karagdagan pa dito, ang multi-location trials ay nagpakita na ang mga non-target organisms ay hindi apektado at hindi rin magdadala ng malaking panganib sa biodiversity, at sa kalusugan ng tao at hayop.

9. Mga Bansang Nag-aproba (para sa Direktang Paggamit bilang Pagkain, Pakain sa Hayop o Para sa Pagpoprosese; para sa Komersyal na Pagtatanim

Ang Event MIR162 mais ay aprobado bilang pagkain at pakain sa hayop sa Argentina, Brazil, Canada, China, Colombia, European Union, Japan, Korea, Malaysia, Mexico, Paraguay, Philippines, Russian Federation, South Africa, USA, Uruguay at Vietnam. Ito ay aprobado bilang pagkain sa Australia, Belarus, Indonesia, Kazakhstan, New Zealand at Taiwan. Ito rin ay aprobado para sa pakain sa hayop sa Turkey. Ang Event MIR162 mais ay may malawakang taniman sa Argentina, Brazil, Canada, Colombia, Paraguay, USA at Uruguay.

Ang publiko ay iniimbitahan na magsumite ng kanilang mga puna o kumento sa Direktor ng BPI (sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng publikasyon) ukol sa Panukala para sa Komersyal na Pagtatanim ng Event MIR162 Mais.

Director
Bureau of Plant Industry
San Andres, Malate, Manila
Telephone Number 521-1080
Fax Number 521-1080
E-Mail bpibiotechsecretariat@yahoo.com

Approved for Publication: _____

VIVENCIO R. MAMARIL, PhD
OIC-Director
Bureau of Plant Industry
Department of Agriculture
San Andres, Manila
Date:

